| GRADES 1 to 12<br>DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am RACQUEL D. TANAEL | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | DECEMBER 11 - 15, 2023 (WEEK 6) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng isahang pagsasadula tungkol sa isang isyu o paksang napakinggan.<br>Naiuulat ang isang isyu o paksang napakinggan.<br>Nakagagawa ng character profile batay sa kuwento o tekstong binasa.<br>Nakagagawa ng graph o dayagram upang ipakita ang nakalap na impormasyon o datos.<br>Naisasakilos ang isang paksa o isyung napanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento, pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | Nabibigyang – kahulugan ang sawikain na napakinggan.<br>**F6PN-IIf-28**<br>Naipapahayag ang sariling opinion o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan.<br>**F6PS-IIf-i-1** | Nagagamit nang wasto ang pandiwa sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.<br>**F6L-IIf-j-5** | Nabibigyang-kahulugan ang matalinhagang salita.<br>**F6V-IIf-4.4** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang anekdota.<br>**F6RC-IId-f-3.1.1** | Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng pahayagan sa pagkuha ng kailangang impormasyon.<br>**F6SS-IIf-7.1** |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay – kahulugan sa sawikain<br>Pagpapahayag ng sariling opinion o reaksiyon | Paggamit nang Wasto ang mga Pandiwa ayon sa Panahunan sa Pagsasalaysay<br>Tungkol sa Kasaysayan | Pagbibigay-kahulugan sa Matalinhagang Salita | Pagsagot sa mga tanong sa binasang anekdota | Paggamit ng Iba't Ibang Pahayagan Ayon sa Pangangailangan. |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa teksbuk** | | Hiyas sa Wika 5 pp. 82-87 | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | | | MISOSA Blg. 10 | | |
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Pagsasanay<br>Isulat ang mga sumusunod na parirala sa plaskard:<br>itaga sa bato<br>mababaw ang luha<br>mababa ang loob bukal sa loob<br>balitang-kutsero<br>magdilang anghel<br>tulak ng bibig<br>namuti ang mata<br>magaan ang dugo matalas ang ulo | Pagsunod sa panuto na may 3-5 hakbang. | Paano binibigyan ng kahulugan o kasingkahulugan ang mga salitang ginamit sa pangungusap?<br>1.Pagsasanay<br>a. masustansyang <u>agahan</u><br>[ ] [L] [M] [ ] [S] [ ] [ ]<br>b. tunghayan ang <u>pangyayari</u><br>[T] [ ] [N] [ ] [N] [ ] [ ]<br>c. maghapong <u>nilakbay</u> ang pook<br>[N] [ ] [L] [ ] [K] [ ] [ ]<br>[P] [ ] [ ] [H] [ ] [ ] [A]<br>d. awala ang <u>pangamba</u><br>[T] [ ] [K] [ ] [T]<br>e. <u>pagtila</u> ng ulan | Paano ang pagsulat ng balangkas ng talambuhay? Ano-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng balangkas? | A. Alin sa mga sumusunod ang likhang isip lamang? Sipiin sa sagutang kuwaderno at lagyan ng tsek (√) ang mga kahong nasa unahan.<br>Talaarawan<br>Kasaysayan ng Pilipinas<br>Alamat ng Matsing<br>Mga Kuwento ni Lola Basyang<br>Bernardo Carpio<br>Si Juan Tamad |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Ano ang masasabi ninyo sa kakayahan at katangian ng bawat nilikha?<br>Ano ang dapat ninyong gawin sa mga bagay na hindi na pwedeng palitan o baguhin? | (Ipakita na larawan ng Monumento ni Bonifacio, Liwasang Bonifacio Oblation sa Pamantasan ng Pilipinas)<br>Kilala ninyo ba ang gumawa ng mga sumusunod na iskultura? | May kilala ba kayong tao na hindi nakatapos ng pag-aaral dahil sa katamaran o kawalang interes na mag-aral? Ano ang katayuan niya ngayon sa buhay?<br><br>Ngayon babasahin natin anng kwento na mapupulutan mo ng magandang aral upang maging higit kayong magsipag sap ag-aaral. | Pagbasa ng anekdota ni Pangulong Manuel L. Quezon<br>Ngayong araw na ito sagutin ang mga tanong na:<br>Sino ang "Tala ng Baler?" Ano nagagawa niya sa ating bayan?<br><br>Ano ang anekdota o talambuhay?<br>Ipasulat sa kwaderno ng mga mag-aaral ang kanilang paunang sagot sa mga tanong na binigay. | Kayo ba ay nagbabasa ng mga pahagan. Anong pahayagan ang nababasa ninyo?<br>(Ipakita ang halimbawa ng iba't ibang uri ng pahayagan.)<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Matutunan mo rin sa araling ito ang pagbibigay-kahulugan sa salitang matalinhaga. | | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Ipaalala ang mga panatayan sa wastong pakikinig.<br>Ano ang masasabi ninyo sa kakayahan at katangian ng bawat nilikha? (Iba-iba ang kakayahan at katangian ng bawat nilikha.) | Basahin Mo<br>Kilalanin natin si Guillermo Tolentino.<br><br>**Ang Dakilang Iskultor**<br>MARISSA : Nakita mob a ang bantayog ni Andres Bonifacio sa Lungsod ng Caloocan?<br>AURORA: Hindi pa.<br>MARISSA: Alam mo ba kung sino ang gumawa ng bantayog na iyan?<br>AURORA: Hindi. Sino nga ba?<br>MARISSA: Siya si Guillermo Tolentino, ang kilalang “Prinsipe ng mga Manlililokna Pilipino.”<br>AURORA: Bakit siya tinawag na “Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino?”<br>MARISSA: Ganito iyon. Bata pa man siya, mahusay na siyang lumilok. Pinangarap niyang makapag-aral sa Amerika at natupad ang kaniyang pangarap. Dahil sa kaniyang kasipagan at kahusayan sa sining, inirekomenda siya ng Pangulong Wilson sa isang milyonaryong Amerikano, si Bernard Baruch na siyang tumustos sa kaniyang pag-aaral sa Beaux Arts Institute. Pagkatapos niyang makapag-aral sa Estados Unidos, bumalik siya sa Pilipinas at nagtayo siya ng studio. Dito niya | **BASAHIN MO**<br>Pagbasa sa kwentong “Litong-Lito si Ben” (nasa MISOSA Blg. 10, ph. 2-3)<br>1. Sino ang batang di mahilig mag-aral sa kwento?<br>2.Ano ang sinabi ng kanyang guro dahil palagi siyang walang takdang-aralin?<br>3.Ano ang pagkakaunawa ni Ben sa sinabi ng guro?<br>4.Sino ang nagpaliwanag kay Ben sa nais ipahiwatig ng guro?<br>5.Bakit dapat siyang mag-aral na mabuti?<br>6.Ano ang dapat gawin ni Ben upang hindi siya makakuha ng kalabasa sa Marso? Anong uri ng salita ng makakakuha ng kalabasa? | TUKLASIN MO<br>A. Pagbasa ng anekdota sa ibaba<br>Fernando Amorsolo<br><br>B.Ngayong kayang-kaya mo nang unawain ang anekdotang babasahin o paksang aralin sa araw na ito. | Ano ang makikita mo sa larawan? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | pinasimulan ang kaniyang mga malikhaing gawa sa sining na nagbigay sa kaniya ng katawagang "Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino."<br>AURORA: Napakahusay palang lumilok ni Guillermo Tolentino.<br>MARISSA: Bukod sa monumento ni Bonifacio sa Caloocan at sa Liwasang Bonifacio, bungang isip din ni Tolentino ang Oblation sa Pamantasan ng Pilipinas. Naigawa rin niya ng busto sina Quezon, Laurel, Roxas, at Magsaysay. | | | |
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Pagsagot sa mga Tanong Pang-unawa<br>Sinu-sino ang tauhan sa akda?<br>Paano naging magkaibigan sina Maki at Waldo?<br>Bakit nagkaroon ng problema si Maki?<br>Ano ang kanyang ginawa upang mabigyang kasagutan ang kanyang mga tanong sa buhay?<br>Paano siya ginabayan ng kanyang nanay?<br>Nagtagumpay ba siyang magkaroon ng katulad na sungay ni Waldo sa kagubatan? Paano niya natanggap ito?<br>Kahit ikaw si Maki at nakahihigit ng katangian ang iyong kaibigan na popular, maraming nagkakagusto, at mas matalino, ano ang gagawin mo? Ibigay ang iyong sariling opinion/reaksiyon?<br>Kung ikaw naman si Waldo at napansin mong naiingit sa iyo ang iyong kaibigan, ano ang gagawin mo?<br>Bakit kaya nasabi ni Maki ang "Ako'y isang kambing, dapat kong taggapin ang katotohanan?" | Papaano nakapag-aral sa Estados Unidos si Guillermo Tolentino?<br>Bakit siya tinawag na "Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino?<br>Ngayon, alam mo na kung bakit tinawag na "Prinsipe ng mga Manlililok na Pilipino" si Guillermo Tolentino. May ilan pa akong katanungan sa iyo. Masasagot mo kaya?<br>Nang nasa Estados Unidos na si Guillermo Tolentino, paano siya nakapag-aral sa Beaux Arts Institute?<br>Pagkatapos niyang makapag-aral sa Estados Unidos, ano ang ginawa niya?<br>1. <u>Inirekomenda</u> siya ng Pangulong Wilson sa isang milyonaryong Amerikano, si Bernard Baruch na siyang tumustos sa kaniyang pag-aaral sa Beaux Arts Institute.<br>2. <u>Bumalik</u> siya sa Pilipinas at <u>nagtayo</u> siya ng studio | Basahin ang mga pangungusap na hinango sa kwento. Pansinin mo ang mga salitang may salungguhit.<br>1.Tiyak na <u>makakakuha ng kalabasa</u> si Ben pagdating ng Marso.<br>2.Kailangang <u>magsunog ka ng kilay</u> anak, upang makapasa ka sa Marso.<br>3.Sabi po ng guro <u>itlog</u> naman ang ibibigay ko ngayon.<br><br>Ano ang tawag sa mga ito? Matalinhagang salita, di ba? Ito ay mga salitang tago ang kahulugan at kadalasan ang mga salitang ito ay nakakadagdag sa lalong ikalilinaw ng diwang nais ipahayag. | Bago natin basahin ang anekdota ni Manuel L. Quezon ating munang alamin ang kahulugan ng ilang salitang ginagamit dito. Ilahad sa pisara ang mga sumusunod na mga salita. Liwanagin ang kahulugan ng mga ito sa pamamagitan ng paggamit sa pangungusap.<br>a. pinanganak<br>b. piskal<br>Pagbasa ng anekdota ni Pangulong Manuel L. Quezon | Pagtatalakay sa bawat bahagi ng pahayagan pah 5-10 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ikaw, ano ang sasabihin mo sa inyong sarili upang matanggap mo kung ano ka at kung anong mayroon ka? | pagkatapos niyang makapag-aralsa Estados Unidos.<br>Pansinin ang mga salitang may salungguhit sa pangungusap..<br>Ano-ano ang mga salita?<br><br>Ang mga ito ay nagsasaad ng aspekto o panahunan ng pandiwa. Nagbabago ang anyo ng pandiwa ayon sa aspekto nito. May mga tuntuning dapat sundin sa pagbabago ng anyo ng pandiwa. | | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pansinin ang mga pangungusap sa ibaba:<br>Sina Maki at Waldo ay lumaking <u>nakabuhol ang pusod</u>.<br>Kapwa na sila nasa <u>kasibulan ng buhay</u> subalit walang nabago sa kanilang samahan.<br>Pumunta si Maki <u>sa pusod ng gubat</u> upang makita ang engkantada.<br>Tiyak ba ang kanilang mga kahulugan?<br>Sabihin: Ang mga sinalungguhitan ay mga salitang patalinhaga na karaniwang ginagamit sa araw-araw. Ito ay nagbibigay ng di-tiyakang kahulugan ng salitang isinasaad ito.<br>Halimbawa:<br>Itaga sa bato (tandaan)<br>Mababa ang loob (maawain) | Tandaan<br>• Ang pandiwa ay nagsasaad ng kilos o galaw.<br>• Ang pagbabago ng anyo ng pandiwa ay nasa kanyang panahon kung kailan ito naganap, nagaganap o magaganap.<br>•<br>1. Naganap o pangnagdaan – natapos na o nagawa na ang kilos.<br>Halimbawa:<br>1. Binaril si Rizal sa Bagumbayan.<br>2. Sinulat sa damdaming makabayan ang tula.<br><br>2. Nagaganap o pangkasalukuyan – kasalukuyang ginagawa ang kilos.<br>Halimbawa:<br>1. Binabasa ang Noli at Fili ng mga Filipino. | Ngayon, bigyan mo ng kahulugan ang mga sumusunod na salitang matalinghaga.<br>Hanapin ang kahulugan nito sa hanay B. Isulat ang titik ng sagot sa sagutang papel.<br>Hanay A<br>Hanay B<br>_____1. pagsusunog ng kilay a. masama ang ugali<br>_____2. nagdilang angel b. masakit sa damdamin<br>_____3. walang itulak-kabigin c. nagkatotoo ang sinabi<br>_____4. pasang krus d. mayabang<br>_____5. tupang itim e. pag-aaral nang<br><br>mabuti<br><br>f.<br>di-alam ang pipiliin | Pag-usapan ang nilalaman ng binasang anekdota sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong. | Sagutin mo nga ang mga tanong.<br>1. Paano nasusulat ang mga pamagat ng mga balita?<br>2. Bakit tinawag na panlalawigang balita ang nasa naunang pahina?<br>3. Bakit tinawag na balitang pandaigdig ang mga nasa pahinang ito? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 2. Sinusulat ang kasaysayan ng bawat bayani.<br><br>3. Magaganap o panghinaharap – gagawin pa lamang ang kilos.<br>Halimbawa:<br>1. Babasahin pa ang mga aklat ni Rizal.<br>2. Isusulit ang bawat kasaysayan.<br><br>• Ang salitang-ugat at panlapi kapag pinagsama ay makakabuo bg pawatas. Ang pawata ay binabanghay sa tatlong aspekto ng pandiwa.<br><br>Halimbawa:<br>panlapi + salitang-ugat = pawatas<br><br>um + ulan = umulan<br><br>hin + basa = basahin<br><br>i + sulat = isulat<br><br>Pawatas umulan<br>Naganap umulan<br>Nagaganap umuulan<br>Magaganap uulan | | | |

| F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment ) | Pagpapayamang Gawain<br>Gawin Natin<br>Panuto: Piliin ang mga sawikain sa pangungusap.<br><br>1. Parang aso't pusa ang mga anak ni Aling Azon; lagi na lamang nagbabangayan.<br>2. Mahilig sa kompyuter at cellphone ang mga bagong dugo.<br>3. Madaling mapapansin ang bagong salta sa magulong lunsod.<br>4. Laging may ngiti sa kanyang mga labi tuwing naiisip niya ang bakas ng lumipas.<br>5. Balat-sibuyas ka pala. Biniro ka lang ay nagdamdam ka na agad.<br>6. Sayang lang ang pakiusap mo, bato ang kalooban ng taong iyan.<br>7. Mahal niya ang babaeng iyon kaya bigay na bigay siya sa lahat ng hilingin nito.<br>8. Bukas na aklat ang buhay ng ating mga bayani.<br>9. Mga kasamang driver, konting ingat, may butiki sa poste sa bandang kaliwa ng susunod na kanto.<br>Gamitin ang kokote sa pagtatrabaho nang maiwasan ang pagkakamali at nang hindi mapagalitan. | **Gawin Ninyo**<br>Salungguhitan ang mga pandiwang ginamit sa sanaysay. Isulat ang aspekto o panahunan ng pandiwa.<br>**Si Tandang Sora**<br>Ang kasaysayan ng bansa ay hindi kailanman mawawaglit sa alaala. Isa si Mechora Aquino sa nagbigay kaganapan sa isang kasaysayan. Si Melchora Aquino ay kilala rin sa pangalang Tandang Sora.. Matanda na siya noong sumiklab ang himagsikang pinamumunuan ni Andres Bonifacio. Kinupkop niya ang mga Katipunero. Binigyan niya ng pagkain at tirahan ang mga ito. Inalagaan niya ang mga may sakit at sugatan. Lahat ng dumudulog sa munting tahanan ni Tandang Sora ay kanyang pinagyayaman, bata man o matanda, babae man o lalaki. Nalaman ng mga Kastila ang kabutihan ni Tandang Sora, kaya't siya ay hinuli at ipinatapon sa pulo ng Marianas. Bumalik lamang siya nang ang Pilipinas ay nasa pamamamhala na ng mga Amerikano. Isa siyang matapang na Pilipino. Binabasa ng mga Pilipino ang talambuhay niya at patuloy na babasahin. Babalikan ang isang panahong makasaysayan ng bawat salinlahi.<br>**Gawin Mo**<br>Punan ng wastong pandiwa ang patlang sa talataan. Isaalang-alang ang iba't ibang aspekto ng mga pandiwa ayon sa pagkakaganap ng kilos na isinasaad sa bawat pangungusap.<br><br>Bago pa man (dating) ___________ ang mga Español sa bansa, ang | Pagsanayan Mo<br>Basahin ang mga pangungusap at bigyan ng pansin ang mga talinhagang may salungguhit. Piliin ang kahulugan nito sa lipon ng mga salitang nasa ibaba ng bawat bilang.<br>1.Para akong <u>natutunaw na kandila</u> noong kinagagalitan ako ni Bb. Reyes.<br>a. sumasama ang katawan<br>b. hiyang-hiya<br>c. naiinitan<br>2. Tila siya <u>patabaing baboy</u> sa kanilang bahay.<br>a. mahilig sa matatabang pagkain<br>b. marumi ang katawan<br>c. kain lang nang kain nang walang ginagawa<br>3. <u>Mistulang pugon</u> ang lugar na pinagdausan ng palatuntunan kaya't kami ay hindi nagtagal.<br>a. mainit<br>b. masikip<br>c. madilim<br>4. <u>Talak siya ng talak</u> na parang inahin mula umaga hanggang gabi.<br>a. daing nang daing<br>b. tawa nang tawa<br>c. daldal nang daldal<br>5. <u>Tigre</u> si Ginoong Cruz sa kaniyang mga kasamahan.<br>a. mabagsik<br>b. mapaghatol<br>c. matapat<br>6. <u>Kasintaas ng poste</u> ang panganay niyang anak.<br>a. matangkad na matangkad<br>b. matalino<br>c. nangangayayat<br>7. Parang <u>kiti-kiti</u> ang batang ito.<br>a. mapag-usisa | Pagsasagawa ng iba't- ibang gawain na ibibigay sa bawat grupo. | Sagutin Pagsanayan Mo pah. 11 |
|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ating mga ninuno ay may sariling wikang (gamit) ___________. (Sabi) ___________ na ang Tagalog ang may pinakamayamang katangian sapagkat nagtataglay ito ng mga katangian ng ibang wika sa daigdig. Kabilang na ang Latin at Kastila. (Lagay) ___________na ito ang dahilan kung bakit (pili) __________ batayan ng Wikang Pambansang Tagalog. (Sikap) ____________ ng pamahalaan na (ganap) ___________ ang pambansang wika. (Gamit) ___________ ito sa iba' ibang Sangay. Patuloy itong (turo) ____________ sa mga paaralan upang lalo itong mapagyaman. | b. malakas kumain<br>c. malikot at di mapirmi | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na sawikain. Pagkatapos gamitin sa pangungusap.<br>may gatas pa sa labi<br>hulog ng langit<br>maykaya sa buhay<br>magsunog ng kilay<br>nag-agaw buhay | **Isapuso Mo**<br>Sumulat ng isang talata tungkol sa paboritong mong bayani gumamit ng angkop na pandiwa ayon sa panahunan. | A. Basahing mabuti ang mga pangungusap.<br>Kopyahin mo sa isang kuwaderno ang mga salita o lipon ng mga salita na matalinghaga at ibigay ang kahulugan nito.<br>1. Patuka lang sa manok ang suweldo ni Monica sa trabaho niya.<br>2. Walang kuryente kagabi, kaya parang hinahabol ng plantsa ang aking damit.<br>3. Dumadaing si Nanay, kawitang palakol daw ngayon.<br>4. Malaki na ang ipinagbago ni Kuya Cenon, mataas na ang kanyang lipad.<br>5. Ingat na ingat akong kausapin si Bb. Austria, balat-sibuyas kasi siya.<br>B. Ngayon naman gamitin mo sa sarili mong pangungusap ang mga napili mong matalinghagang salita. | Isulat ang mga detalye para sa sumusunod na mga bahagi ng buhay ni Manuel Luis M. Quezon. Gawin ito bilang pangkatang Gawain.gumamit ng manila paper.<br><br>. Kapanganakan :<br><br>a. Lugar: _________________ b. Petsa: ________________<br><br>2. Mga Magulang :<br><br>a. Nanay: ________________<br>b. Tatay: _______________<br>3. Pag-aaral/ Paaralang pinasukan<br><br>a. Elementarya: ____________<br>c. Kolehiyo: ______________<br>b. Sekondarya: _______________________<br><br>4. Mga Tungkulin sa Bayan<br>a.______________________<br>c__________________________ | . Sabihin ang mababasa sa sumusunod na mga bahagi ng pahayagan.<br>1. Editoryal<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>2. Kolum ng Manunulat<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>___________________________<br>___________________________<br>___<br>3. Pangunahing Balita |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | b.____________________<br>d.________________________ | ________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___<br>4. Anunsyo<br>________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___<br>5. Balitang Pang-isports<br>________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___<br>________________________<br>________________________<br>___ |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Ano ang sawikain?<br>Paano nabibigyang-kahulugan ang sawikain? | Ano ang pandiwa?<br>Ano ang tatlong aspekto ng pandiwa? | Ano ang tinatawag na "matalinhagang" salita?<br>Ang matalinhagang salita ay mga salitang may malalim na kahulugan. Ito ay kadalasang binubuo ng tamabalang salita na ang kahulugan ay naiiba sa kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal. | Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat , Itanong:<br>" Ano ang anekdota? | Basahin ang Isaisip Mo pah. 10 |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga sawikaing nakasalungguhit. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong.<br>1. Si Andres Bonifacio ay isang anak-pawis. ( | Panuto: Gumawa ng dalawang hanay sa sagutang papel: Hanay A at Hanay B. Isulat sa hanay A ang wastong pandiwang dapat sa patlang at sa hanay B ang aspekto | Panuto:<br>Piliin mo ang titik ng matalinghagang salita na tugma sa isinasaad ng pangungusap.<br>Isulat ang titik ng sagot sa sagutang kuwaderno. | Buuin ang balangkas batay sa detalye ng binasang anekdota.<br>" Ang Tala ng Baler"<br>I. Sino si Manuel Luis M. Quezon? | Piliin ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na kalagayan. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | mayaman, maramdamin, mahirap)<br>2. Mahilig kumanta tuwing umaga ang kapitbahay mo, e boses palaka naman. (sintonado, palaka ang tinig, maganda ang boses)<br>3. Hawak sa ilong ang lahat ng pulis sa nais ng kanilang alkalde.<br>( hinawakan ang ilong, sunud-sunuran, may sariling paninindigan)<br>4. Bakit kaya lagi na lang butas ang bulsa ng kapitbahay kong negosyante? Parati na lang sinasabing wala siyang pera tuwing ako'y manghihiram.<br>5. Kinain ng abo ang malaking bahay na katatayo pa lamang na pag-aari ng mag-asawang drug-lord na taga Pasil, Cebu City.<br>( may abo ang bahay, nasunog, pinagnakawan) | ng pandiwang dapat sa patlang at sa hanay B ang aspekto nito.<br>1. (Gawa) ___________ ng ating malikhaing Ifugao ang Hagdan-hagdang palayan sa Banaue.<br>2. (Tibay) ___________ nila ang gilid ng bundok.<br>3. . (Patag) ___________ nila ito upang magawang pinitak na taniman ng palay.<br>4. Itang daang taon ang pinuhunan ng masisipag nating mga ninuno bago (tapos) __________ ang palayan sa kabundukan.<br>5. Isa na ito sa kahanga-hangang tanawin sa mundo na (dayo) ____________ ng mga turista. | a. naniningalang pugad<br>b. halik-hudas<br>c. kakaning-itik<br>d. taingang kawali<br>e. isang kahig, isang tuka<br>f. bantay-salakay<br>1. Binata na si Eric. Palagi siya sa kapitbahay na si Thelma. Si Thelma ay dalaga. Si Eric ay ___________________ na.<br>2. Tawag nang tawag ang ina kay Romy. Naririnig ni Romy ang tawag ngunit hindi siya sumasagot. Patuloy siya sa ginagawa at parang walang naririnig.Siya ay may _______________________.<br>3. Gabi-gabi si Aling Linda ay nawawalan ng paninda. Nagtataka siya kung bakit nagkagayon, samantalang may pinagbabantay naman siya. Naghihinala tuloy siya na ang pinagbabantay niya ay isang _____________.<br>4. Matipid si Ana. Hindi siya palabili, hindi siya namimili ng mamahaling bagay. Ang kita nila ay halos hindi sumasapat sa kanilang gastos. Sila ay ________________________ .<br>5. Sa lahat ng bata sa aming looban, kaawa-awa itong si Ramon. Kayang-kaya siyang paiyakin ng kapuwa at siya ay laging tampulan ng panunudyo. Siya ay _________________sa aming pook | a.<br>__________________________<br>II. Ano-ano ang mga katangian ni Pangulong Manuel L.Quezon?<br>a.<br>_________________________<br>b.________________________<br>III. Ano-ano ang mga nagawa niya sa bayan?<br>a._______________________________<br>_<br>b._______________________________ | 1. Wala kang trabaho. Aling bahagi ng pahayagan ang titingnan mo?<br>a. Palaisipan<br>b. Kolum ng mambabasa<br>c. Anunsyo<br>d. Pangulong balita<br>2. Ibig mong alamin ang pananaw o pakahulugan ng publisher o palimbagan<br>sa isyu tungkol sa unang 100 araw ng Presidente. Alin sa mga<br>sumusunod ang sasangguniin mo?<br>a. Pahinang pang-isport<br>b. Kolum ng isang manunulat<br>c. Editoryal o pangulong tudling<br>d. Balitang pampamayanan<br>3. Ibig mong malaman ang opinyon ng isang indibidwal sa isyu tungkol sa<br>brownout. Alin dito ang babasahin mo?<br>a. Kolum na isang manunulat<br>b. Balitang pandaigdig<br>c. Pahinang pampalakasan<br>d. Editoryal<br>4. Aling bahagi ng pahayagan ang gagamitin mo upang maaliw?<br>a. Balitang pampamayanan<br>b. Pitak Palaisipan<br>c. Pangunahing Balita<br>d. Anunsyo<br>5. Pinakahuling balita tungkol sa paboritong laro ang mababasa sa bahaging<br>ito. Aling pahina ito?<br>a. Pitak-artista<br>b. Mga anunsyo<br>c. Palakasan<br>d. Pandaigdig na balita |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na sawikain<br>pabalat-bunga<br>magtaingang-kawali<br>kuskos-balungos<br>magdalang-tao<br>taas ang noo | Banghayin ang mga pawatas sa tatlong aspekto ng pandiwa.<br><br>Pawatas Naganap<br>Nagaganap Magaganap<br>1. awitin<br>2. bumili<br>3. magluto<br>4. talunin<br>5. puntahan<br>6. maglaba<br>7. dumikit<br>8. kumanta<br>9. magsimba<br>10. itanim | May mga matalinhagang salita sa loob ng kahon sa ibaba. Pumili ka ng 4 at gamitiin mo ito sa sarili mong pangungusap.<br>agaw-buhay<br>malamig ang kamay<br>bukas-palad<br>utak-lamok<br>magaan ang loob<br>basing-sisiw | Sumipi o magsaliksik ng isang anekdota ng buhay ng isang naging kapitan ng inyong barangay. Isulat ito sa isang papel. | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |